Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION, DEPED NCR
JAN 27 2023
BY: DATE:
DNCR-FORD-038/01112019

Advisory No. 036, s. 2023
Enero 25, 2023
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement, per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/ staff as well as the concerned public
(Visit www.deped.gov.ph)

## DANGAL NG PANITIKAN 2023

Ang Dangal ng Panitikan ay iginagawad sa mga manunulat at alagad ng sining na nakalikhâ ng mga akdang nag-iiwan ng bakás o humahawi ng landas sa larangan ng pagsusulat.

Bukás ang nominasyon sa sumusunod:

a. Manunulat—laláki man o babae na may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón at
b. Samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sector na naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón,
c. Nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

Ilagay sa long brown envelope ang sumusunod at ipadala sa adres na nása ibaba:

a. KWF Pormularyo ng Nominasyon (I-print-sagutan at ilakip)
b. Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kwalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
c. Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán);
d. Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2023
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 13 Pebrero 2023, 5:00 nh.

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
Tel. Nos.: 920-5824: 926-2213 loc. 801
Email Address: ncr@deped.gov.ph
Website: http://www.depedictncr.wordpress.com

Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2023 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, 3 Abril 2023.

Pára sa ibá pang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-844-1349 o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph

CLMD/mggt

**DANGAL NG PANITIKAN 2023, bukás na sa mga nominasyon!**

Kumikilala sa mataas na ambag sa panitikan, ang Dangal ng Panitikan ay iginagawad sa mga manunulat at alagad ng sining na nakalikhâ ng mga akdang nag-iiwan ng bakás o humahawi ng landas sa larangan ng pagsusulat. Pangunahing konsiderasyon ang pagpapamalas ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan. Isinasaalang-alang din ang mga nalathalang aklat at iba pang akda na kinikilala sa angkin nitóng husay, lawak, at lalim, alinsunod sa matalisik na pagtanaw ng mga kritiko at publiko.

**MGA TUNTUNIN**

1. Ang **Gawad Dangal ng Panitikan** ay ang mataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Pilipino o *lifetime achievement award*. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.
2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat—laláki man o babae—na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.
3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Pilipino at mga katutubong wika ng Pilipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)
5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mula sa labas ng KWF.
6. Pára sa **nominasyon,** ihanda ang sumusunod na kompletong dokumento:
   -
   - KWF Pormularyo ng Nominasyon (I-print-sagutan at ilakip);
   - Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
   - Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at
   - Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.
7. Ilagay sa isa o higit pang long brown envelope ang mga tinukoy sa bilang 6 at ipadala sa adres na nása ibaba:

**Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2023**
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa **13 Pebrero 2023, 5:00 nh**.

9. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2023 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, **3 Abril 2023**.
10. Pára sa ibá pang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-844-1349 o magpadalá ng email sa **timpalak.gawad@kwf.gov.ph**


DANGAL NG PANITIKAN 2023
Bukás na para sa nominasyon!
Ang Gawad Dangal ng Panitikan ay ang mataas na pagkilala sa nag-ambag sa panitikang Filipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nito ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan.
Bukas ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat, lalaki man o babae, na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
komfil@kwf.gov.ph